



## **ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA EDUKASYON**

### **MAY KARAPATAN ANG ANAK MO SA LIBRENG PAMPUBLIKONG EDUKASYON**

- May karapatan ang lahat ng bata sa pantay na access sa libreng pampublikong edukasyon, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o ng kanilang mga magulang/tagapag-alaga.
- Lahat ng bata sa California:
  - May karapatan sa libreng pampublikong edukasyon.
  - Kailangang naka-enroll sa paaralan kung sila ay nasa 6 hanggang 18 taong gulang.
  - May karapatan sa ligtas, tiwasay, at payapang mga paaralan.
  - May karapatan sila na mapabilang sa isang kapaligiran ng pag-aaral sa pampublikong paaralan na malaya sa diskriminasyon, panliligalig, pambu-bully, karahasan, at pananakot.
  - May pantay na oportunidad na makibahagi sa anumang programa o aktibidad na iniaalok ng paaralan nang walang diskriminasyon.

### **IMPORMASYON NA KINAKAILANGAN PARA SA PAG-ENROLL SA PAARALAN**

- Kinakailangang tumanggap ang mga paaralan ng iba't ibang dokumento mula sa magulang o tagapag-alaga ng estudyante bilang patunay ng edad o paninirahan ng bata, at hindi kailangang mag-ingat ang mga paaralan ng kopya ng dokumentong ginamit bilang patunay ng edad ng bata.
- Hindi kailanman kinakailangan ang impormasyon tungkol sa katayuan ng pagkamamamayan/katayuan sa imigrasyon para sa pag-enroll sa paaralan. Hindi kailanman kinakailangan ang Social Security number para sa pag-enroll sa paaralan.

### **KUMPIDENSYALIDAD NG PERSONAL NA IMPORMASYON**

- Pinoprotektahan ng mga batas pederal at estado ang mga rekord ng edukasyon ng estudyante at personal na impormasyon. Kinakailangan ng mga batas na ito sa pangkalahatan, na kumuha ang mga paaralan ng nakasulat na pahintulot mula sa mga magulang o tagapag-alaga bago ilabas ang impormasyon ng estudyante, maliban kung ang pagpapalabas ng impormasyon ay para sa layuning pang-edukasyon, pampubliko na, o tugon sa court order o subpoena.
- Nangongolekta at nagbibigay ang ilang paaralan ng mga pangunahing “impormasyon ng direktoryo” ng estudyante sa publiko. Kung ginagawa ito, dapat magbigay ang distrito ng paaralan ng nakasulat na paunawa sa mga magulang/tagapag-alaga tungkol sa patakaran sa impormasyon ng direktoryo, at bigyan ng opsyon na tumanggi sa pagpapalabas ng impormasyon ng anak mo.

### **MGA PLANO PARA SA KALIGTASAN NG PAMILYA KUNG IKAW AY MAKULONG O MA-DEPORT**

- Maaari mong i-update ang emergency contact information ng anak mo, kabilang ang pangalawang contact, upang makapili ng mapagkakatiwalaang tagapag-alaga na puwedeng mag-alaga sa anak mo kung ikaw ay makulong o ma-deport.
- Maaari mong kumpletuhin ang isang Salaysay ng Awtorisasyon ng Tagapag-alaga o Petisyon para sa Pagtatalaga ng Pansamantalang Tagapag-alaga ng Tao upang mabigyan ng awtoridad ang isang mapagkakatiwalaang adulto na gumawa ng mga desisyon para sa edukasyon at kalusugan ng anak mo.

### **KARAPATAN NA MAGHAIN NG REKLAMO**

- May karapatan ang anak mo na mag-ulat ng hate crime o maghain ng reklamo sa distrito ng paaralan kung siya ay nakaranas ng diskriminasyon, panliligalig, pananakot, o pambu-bully dahil sa aktwal o inaakalang nasyonalidad, etnisidad, o katayuan ng imigrasyon.

*Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan para sa pagtugon sa mga aktibidad ng pagpapatupad ng batas sa imigrasyon sa mga paaralan sa California, o para magsampa ng reklamo, makipag-ugnayan sa:*

Bureau of Children's Justice  
California Attorney General's Office  
P.O. Box 944255  
Sacramento, CA 94244-2550

Telepono: (800) 952-5225  
E-mail: [BCJ@doj.ca.gov](mailto:BCJ@doj.ca.gov)  
<https://oag.ca.gov/bcj/complaint>



# CHECKLIST PARA SA MGA ESTUDYANTENG IMIGRANTE AT PAMILYA NA PUMAPASOK SA PAMPUBLIKONG PAARALAN

## 1. HINDI MO KAILANGANG IBAHAGI ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON SA MGA OPISYAL NG PAARALAN:

- Hindi mo kailangang ibahagi ang impormasyon, kabilang ang pasaporte o visa, tungkol sa katayuan ng imigrasyon ng mga estudyante, magulang, tagapag-alaga, o iba pang miyembro ng pamilya.
- Hindi mo kailangang magbigay ng Social Security number (SSN) o card.
- Kapag pinupunan mo ang form para sa “Libre at Pagkaing Pinababa ang Presyo,” ibigay lamang ang huling apat na digit ng SSN ng adultong miyembro ng sambahayan na lumagda sa aplikasyon.
- Kung nakakatugon ang pamilya sa pagiging kwalipikado sa kita at walang miyembro ng sambahayan ang may SSN, kwalipikado pa rin ang iyong anak. Lagyan ng tsek ang kahon na “Walang SSN” sa mga form kung saan naaangkop, upang matiyak na kumpleto ang aplikasyon.
- Kung may miyembro ng sambahayan na lumalahok sa CalFresh, CalWORKs (California Work Opportunity and Responsibility for Kids), o FDIPIR (Food Distribution Program on Indian Reservations), hindi kailangang magbigay ng huling apat na numero ng kanyang SSN ang sinumang adultong miyembro ng sambahayan para maging kwalipikado ang estudyante para sa libre o pinababang presyo ng pagkain sa paaralan.
- Kapag nagbibigay ng impormasyon para sa patunay ng paninirahan o edad ng estudyante, hindi mo kailangang gumamit ng mga dokumentong puwedeng magbunyag ng impormasyon tungkol sa katayuan ng imigrasyon.

## 2. GUMAWA NG MGA HAKBANG PARA MAPROTEKTAHAN ANG IMPORMASYON NG ESTUDYANTE:

- Humingi ng nakasulat na patakaran ng paaralan tungkol sa pagiging pribado ng impormasyon ng estudyante.
- Suriin ang patakaran ng paaralan para sa “impormasyon ng direktoryo”—na nagpapahintulot sa pampublikong paglalabas ng pangunahing impormasyon ng estudyante—at isaalang-alang kung pipiliing huwag ilabas ang impormasyong iyon.

## 3. GUMAWA NG MGA HAKBANG PARA MAGHANDA SA MGA SITWASYON KUNG SAAN ANG ISA O HIGIT PANG MAGULANG O TAGAPAG-ALAGA AY MAKULONG O MA-DEPORT:

- Bumuo at ingatan sa isang ligtas na lugar ang isang “Planong Pangkaligtasan ng Pamilya” (halimbawa: [https://www.ilrc.org/sites/default/files/resources/family\\_preparedness\\_plan.pdf](https://www.ilrc.org/sites/default/files/resources/family_preparedness_plan.pdf)) na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:
- Pangalan ng mapagkakatiwalaang adulto na maaaring mag-alaga sa anak mo kung walang magulang o tagapag-alaga.
- Mga emergency na numero ng telepono at mga tagubilin kung saan mahahanap ang mahahalagang dokumento (mga sertipiko ng kapanganakan, pasaporte, Social Security card, impormasyon ng doktor, atbp.)
- Tiyakin mo na laging may updated na emergency contact information ang paaralan ng anak mo, kabilang ang mga alternatibong contact kung walang magulang o tagapag-alaga.

## MGA MAPAGKUKUNAN

Ang mga sumusunod na mga mapagkukunan ay available para sa mga pamilyang imigrante na humaharap sa pagkakakulong o deportasyon:

- Tagahanap ng bilanggo ng Pagpapatupad ng Batas sa Imigrasyon at Adwana (Immigration and Customs Enforcement, ICE): <https://locator.ice.gov/odls/homePage.do>. Pakitandaan: Ang site na ito ay para lamang sa paghahanap ng mga indibidwal na nakulong na, at hindi para sa pangkalahatang katanungan tungkol sa katayuan ng imigrasyon.
- Mga abogado sa imigrasyon na nagsasagawa nang pribado, mga kinatawang akreditado (na tumutulong sa mga imigrante sa mga pagdinig sa imigrasyon), o mga organisasyong nagbibigay ng legal na tulong:
  - Hanapin ang Abogado sa Mga Abogado ng Estado ng California (State Bar of California): <http://www.calbar.ca.gov/Attorneys>
  - Mga organisasyon sa California na inaprubahan ng Lupon ng mga Apela sa Imigrasyon (Board of Immigration Appeals, BIA) para kumatawan sa mga imigrante sa harap ng Kagawaran ng Seguridad ng Bayan (Department of Homeland Security, DHS) at Ehekutibong Tanggapan ng Pagsusuri sa Imigrasyon, (Executive Office of Immigration Review, EOIR): <https://www.justice.gov/eoir/page/file/942306/download#CALIFORNIA>.
  - Mga Sentro ng Tulong sa Sarili ng Mga Hukuman ng California: <http://www.courts.ca.gov/selfhelp-selfhelpcenters.htm>.
  - Mga tanggapan ng legal na tulong at mga serbisyo sa rekomendasyon ng abogado: <http://www.courts.ca.gov/getting-legal-help>.
  - Konsulado o embahada ng bansa ng pinagmulan ng magulang o tagapag-alaga.